

SAMAHAN NG MGA NANGANGALAGA SA ESPIRITUWAL NGAYONG PANAHON NG COVID -19

Isang Modelo ng Ministeryo upang Patatagin ang Pandaigdigang Simbahan

Sina Dr. Jeff Hammond at ang asawang si Annette ay mga nakakatandang miyembro (co-pastor) sa simbahan ng Abbalove na nakabase sa Jakarta, Indonesia. Ang mga ministro ng Abbalove ay lingguhang nangangasiwa sa higit na 25,000 na mga Kristiyano sa iba't ibang kampus sa buong bansa. Bilang karagdagan sa kanilang ministeryo kasama ang Abbalove, and mga Hammonds ay nagtatag ng daan-daang mga sentro at maliliit na grupo na espesyal na nakapokus sa pagbubuklod sa pananampalataya at pagdidisipolo

Sina Dr. Jeff at Annette ay mula sa Australia at nag lingkod sa Indonesia simula noong 1974.

Kasalukuyang nabubuhay tayo sa isang panahon kung saan lahat ng bagay ay unti unti ng nagbabago. Ano nga bang uri ng bagong "normal" ang tinutukoy at sa ngayon ay nakakarinig tayo ng ibat ibang batayan kung paano dapat mamuhay sa “new normal”. Ang salitang ito ay hindi pa malinaw kung ano ang tinukoy at kahulugan sa iba't ibang mga bagay sa iba't ibang mga tao. Ang ilan ay nakikita ito bilang isang sanggunian sa mga patakaran ng pakikipag-ugnayan sa loob ng lipunan. Ang iba ay nakikita ito sa kung paano ang ekonomiya, negosyo, pamahalaan at maging ang mga relihiyon ay papangasiwaan. Malinaw na ang Covid-19 ay nagdala ng isang bagong kabanata at kailangan nating mag isip ng bagong paraan, na tama batay sa pamantayan ng Diyos, kung paano natin haharapin ang bagong realidad ng mundo.

Nitong nakaraang Pebrero ng amin mapagtanto ang dalang panganib sa buong mundo ng Corona Virus na nag simula sa Wuhan, China, na pinangalanang COVID-19. Hindi pa man lubusang nauunawaan noon kung ano ang sukdulan na maaring kahantungan sa kinakaharap na panganib, ngunit may mga nakakapag sabi na maaring humantong ito sa isang pandaigdigang pandemiya. May mga ilang pinuno sa aming simbahan ang nabahala at nagpatawag ng pag titipon patungkol sa mga palatandaan na malapit na ang katapusan ng mundo, at sa pagbibigay diin, sinabi ni Hesus na isang hudyat ang pandaigdigang pandemya sa kanyang ikalawang pag dating, tulad ng nakatala sa Lucas 21:11.

Bilang isa sa mga taga pag salita sa dinaluhang seminar, labis akong nabahala patungkol sa pag sasara ng US sa ilang mga bansa at talakayan na naglalayon mapatupad na magkaroon ng “Distansyang pagitan sa bawat kapwa” at ang

maaring pag sasara ng mga mall, mga negosyo at kahit ang simbahan. Saan na nga ba ito patungo? Ano ang maaring epekto nito sa simbahan? Handa ba kaming mapangalagaan ng maayos ang tupa kung walang kakayahan na makontrol ang isang magulong sitwasyon?

Sa aking malalim na pag-iisip at pagdarasal tungkol sa mga nagaganap na pagbabago na ito ay naalala ko ang World Evangelical Alliance General Assembly na ginanap sa Jakarta, Nobyembre 2019 (<https://jakarta2019.org/en/>). Inimbitahan ako ni Mark McLeod upang maging kasapi ng WEA Spiritual Care Team. Sa totoo lang, wala akong ideya kung ano ito noon. Abala ako sa pagpapatakbo ng mga seminar, pag tuturo sa mga grupo, pag-aaral ng Bibliya at pag-aalaga sa mga komunidad na nasira ng pag-uusig, at hindi na magdagdagan pa ng isang bagay sa aking iskedyul. Gayunpaman, alam ko sa aking sarili na kagustuhan ng Panginoon na dapat kong suportahan ang grupo ng WEA, kahit na hindi ko pa ito lubusang alam o naiintindihan kung ano nga bang napapaloob dito.

Sa simula palang ng General Assembly ay pinakilala na kami ng aking asawa na si Annette sa aming pangkat. Ang mga ito ay mula sa Costa Rica, India, Nepal, Australia, USA, Canada at Pilipinas. Ito ay may layunin na magkaroon ng katuwang sa panalangin ang mga taga-pagsalita at maging ang mga delegado sa nasabing General Assembly.

Tuwing umaga ay ginugrupo kami sa mas maliit na grupo upang mas lalong ipanalangin ang bawat delegado. Nagpasya kami ni Annette na magpunta sa bawat mesa habang nagdaratingan ang mga deligado. Ipinapakilala namin ang aming mga sarili at bilang miyembro ng samahan nangangalaga sa espirituwal ay nais naming silang ipanalangin na ang araw na iyon ay maging tunay na mapagpalang pagkakataon para sakanila, na makita nila ang tunay na liwanag sa salita ng diyos, na magkaroon sila ng kaginhawaan sa pamamagitan ng banal na espiritu at magkaroon ng pagkakabuklod sa kanilang mga kapatid mula sa iba't ibang bansa. Ito ay isang makabuluhang pagkakataon para sa amin lahat at mas lalo kaming nahikayat na ipanalangin ang bawat isa. Minulat kami ng bagong karanasan na ito upang mas lalong makilahok sa nasabing pagtitipon at makatulong na mas lalong mapalaganap ang pag-ibig sa atin ni Hesus.

Ang aming karanasan sa samahang nangangalaga sa espirtuwal ay nagbigay daan upang mas lalo akong maging determinado na ipatupad ang konseptong ito sa gaganapin na pagpupulong sa Abbalove at kahit sa mga lokal na samahan sa pananampalataya. Ito ay lubusang nagpapalago ng pagkaka ugnay-ugnay sa

simbahan, na meron pansarili at malalim na paraan kung paano ang magiging pananaw at epekto nito. Gayunpaman, sa pag balik sa napaka abalang iskediyul sa simbahan, ang aking pag nanais na maisatupad na magkaroon ng samahan na mag susulong hanggang sa bumalik na uli sa dati. Kung hindi pa dahil sa krisis na dala ng Covid 19 na kasalukuyang lumalaganap sa ngayon, maaring isakatuparan ang mga nakalimutang proyekto.

Ngayon na ang Covid-19 ay lubusan naging banta hindi lamang sa bansa kundi sa buong mundo ,biglang pumasok sa aking isipan at nag pa alala sa akin ng kahalagahan ng samahan nangangalaga sa espirtuwal na pinakita sa akin ng panginoon. Sa WEA General Assembly ang aming layunin ay matiyak na ang bawat isa ay may katuwang sa panalangin o pinapanalangin, at ito ang naging pangunahing layunin patungkol sa bawat miyembro ng aming simbahan. Ito ay naging napaka halaga habang ang pamahalaan ay nagsimulang mag-anunsyo ng bagong patakaran patungkol sa distansyang pagitan sa bawat isa, at pag lilimita sa mamamayan na magkaroon ng malakihang pagtitipon na lubhang naapektuhan ang mga simbahan, mga grupong nag aaral ng bibliya, pagtitipon sa panalangin na maisagawa ang mga gawaing ito, at abilidad ng isang simbahan na mangasiwa sa napakarami pang aktibidad sa simbahan. Sa isang iglap ay nagkaroon ng napakadaming pagbabago at maraming mga simbahan ang hindi lubusang napag handaan ito. Maraming patotoo na sa karamihan ng mga miyembro ng simbahan ay dito nila natatagpuan ang tunay na kaginhawaan, suporta, kalakasan, pagkakabuklod sa pananampalataya, relasyon sa bawat isa at pamantayan sa kanilang pamumuhay na nasasaklaw sa pagkakaisa sa simbahan. Sa isang iglap ay bigla itong nagbago.

Lubusang pinapanalangin ang mga maaring kahihinatnan ng mga nagaganap na pagbabagong ito at maaalala ang mga pahayag ni Cristo sa Mateo 25: 34-46 na kung paano natin tinatrato ang ilan sa ating mga kapatid , ay ganun din ang ginagawa natin pagtrato sakanya! Ito ay oras para sa pagkilos. Ang mga na natutunan mula sa samahan ng nangangalaga sa espirtuwal sa WEA General Assembly ay nararapat ng isagawa at ito ay napaka halagang masimulan. Walang miyembro ng simbahan ang dapat mapag iwanan. Marami ang nawalan ng regular na komunikasyon dahil sa “normal”. Marami ang walang kakayahan magkaroon ng internet. Marami ang nawawalan ng hanapbuhay. Ang ilang mga pangunahing sistema ng transportasyon ay pansamantalang sinara. Sarado ang mga mall. Tunay na nakakabahala na ang pag papahalaga sa simbahan ay maaring mapabayaan, hindi man sinasadya, ngunit kahit kailan ay hindi pa kami nalagay sa ganitong

sitwasyon, maliban na lamang kung ang ilang miyembro sa simbahan ay maramdaman nila na napabayaang na sila dahil sa bagong pinatupad na pamamaraan. Napakahalaga para sa akin na mapangalagaan ko ang bawat miyembro ng simbahan. Itinuro ni Paul ang prinsipyong ito sa kanyang sulat para sa mga taga Corinto:

1Corinto 12: 14-24,

"Sapagka't ang katawan ay hindi iisang sangkap, kundi marami. Kung sasabihin ng paa, Sapagka't hindi ako kamay, ay hindi ako sa katawan; hindi nga dahil dito'y hindi sa katawan. At kung sasabihin ng tainga, Sapagka't hindi ako mata, ay hindi ako sa katawan; hindi nga dahil dito'y hindi sa katawan. Kung ang buong katawan ay pawang mata, saan naroroon ang pakinig? Kung ang lahat ay pawang pakinig, saan naroroon ang pangamoy. Datapuwa't ngayoy inilagay ng Dios ang bawat isa sa mga sangkap ng katawan, ayon sa kaniyang minagaling. At kung ang lahat nga'y pawang isang sangkap, saan naroroon ang katawan? Datapuwa't maraming mga sangkap nga, nguni't iisa ang katawan. At hindi makapagsasabi ang mata sa kamay, Hindi kita kinakailangan: at hindi rin ang ulo sa mga paa, Hindi ko kayo kailangan. Hindi, kundi lalo pang kailangan yaong mga sangkap ng katawan na wari'y lalong mahihina: At yaong mga sangkap ng katawan, na inaakala nating kakaunti ang kapurihan, sa mga ito ipinagkakaloob natin ang lalong saganang papuri; at ang mga sangkap nating mga pangit ay siyang may lalong saganang kagandahan; Yamang ang mga sangkap nating magaganda ay walang kailangan: datapuwa't hinusay ng Dios ang katawan na binigyan ng lalong saganang puri yaong sangkap na may kakulangan;"

Ang bawat miyembro ng simbahan ay pantay pantay na mahalaga. Ang bawat miyembro ay espesyal. Hindi natin dapat ikumpara ang bawat miyembro sa kung sino ang "pinaka aktibo", may "mga mahalagang ambag" atbp.. Sapagkat sa mata ni Kristo, tayo ay sinusuri sa naging asal natin sa ilang mga kapatiran dahil ito ay mag sasalamin kung paano din natin tinrato si Hesus.

Tinalakay naming ito sa mga namumuno sa simbahan at nangakong bibigyan buhay ang samahan ng nangangalagang espirituwal sa bawat kapisanan upang matiyak na walang miyembro ang mapag iiwanan. Kasama sa aming plano sa pagkilos:

- Ang bawat kapisanan ay magtatatag ng mga samahan nangangalaga sa espirituwal na binubuo ng mga pinuno ng pastoral, nakakatanda, pinuno ng

maliit na grupo at iba pang mga may malalim na pananampalataya sa simbahan. Depende sa laki ng local na samahan kung ilan sa mga pangkat na nangangala sa espirituwal ang kailangan itatag.

- Kailangan matiyak ng bawat samahang nangangalaga sa espirituwal na lahat ay nakalista sa kongregasyon. Kasama dito ang mga palageng nag sisimba, iyong mga dumadalo sa maliit na grupo, nag aaral ng bibliya, nakikilahok sa paghahatid ng tulong sa komunidad at sinumang nakikiisa sa aktibidad na konektado sa simbahan. Ito ay magiging basehan sa data upang matiyak na ang lahat ay konektado sa mga sinasagawang pag bubuklod at aktibidad sa simbahan, kung sila man ay miyembro o hindi sapagkat isa ito sa layunin ng ministryo na masiguro na walang maiiwan.
- Ang bawat samahan na nangangalaga sa espirituwal ay hahatiin sa bawat pares na kung saan sila ay bibigyan ng listahan ng mga kinakailangan nilang paalalahanan at magiging parte ng kanilang responsibilidad na masiguradong walang sinuman ang mapag iiwanan. Naging inspirasyon nila ang ginawa ni Hesus nung namatay ito para sa atin, at ang bawat tao ay mahalaga sa mga plano ng Diyos at kinakailangan din natin silang tratuhin sa parehong paraan. Ito ang responsibilidad ng bawat koponan:
 - Makipag-ugnay sa bawat tao sa anumang posibleng paraan. Para sa ilan ito ay maari sa pamamagitan ng internet, telepono o kung saan at kung maari, sa pamamagitan ng pagbisita sa kanilang tahanan.
 - Kapag sinasagawa ang pakikipag-ugnay, kamustahin ang ito kung ano ang kanilang ginagawa, nawalan ba sila ng trabaho, kung malusog ba sila at ang kanilang pamilya, mayroon ba silang sapat na pagkain, at mayroon ba silang anumang mga espesyal na pangangailangan sa amin maaaring makatulong sa kanila. Ang ilan ay walang pag-access sa internet kaya hindi magagawa sundin ang mga on-line na aktibidad, at para sa mga ito nagsagawa kami ng isang CD o DVD upang ipamahagi ang mga kopya ng mga on-line na aktibidad na gusto nila upang mapanatili ang konektado sa buhay ng pagsasama ng iglesia. Ang bawat pakikipag-ugnay ay dapat matiyak na mahalaga sila sa amin.
 - Matapos makapag bigay tulong sa kanilang kalagayan, ang samahan ng nangangalaga sa espirituwal ay mag babahagi ng ilang mga patotoo at banal na kasulatan para mahikayat ang mga ito sa kanilang

pananampalataya at masigurado sakanila na kasama nila ang buong simbahan at hindi sila nag iisa, na sasamahan sila sa panalangin at manalangin para sakanila.

- Ang samahan ng nangangalaga sa espirituwal ay magpapalano ng oras upang dalawin muli ang mga ito at m. asigurado na sa loob ng isang linggo ay meron tao na maaring kumontak sakanila at mapanatili silang mapaalalahanan. Ang una naming prayoridad ay matugunan ang mga pangangailangan ng ating kapwa-mananampalataya habang binubuksan ang puso ng ibang tao na malayo pa kay Hesus. Na pina-alala sa atin ni Paul sa Galatians 6:9-10: “Kaya't huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon tayo ay aani kung hindi tayo magsasawa. Kaya nga, sa lahat ng pagkakataon ay gumawa tayo ng mabuti sa lahat ng tao, lalo na sa mga kapatid natin sa pananampalataya.”
- Ang susunod na hakbang pagkatapos ng gawain ito ay maibahagi nila sa kanilang mga kapitbahay ang ministryo. Kung nasa maayos na lagay ba ang kanilang mga kapitbahay? May tumutulong ba sakanila? Malusog ba sila? Kailangan ba nila ng tulong? Ang layunin nito ay mabigyan ng kakayahan ang mga miyembro ng simbahan na makapag-abot at pagpalain ang kanilang kapwa. Ibibigay naming ang mga pangangailangan ng aming miyembro, na siya naming magbabahagi sa kanilang mga kapitbahay bilang daan upang maipalaganap ang pagmamahal ni Kristo

Ang pagpapatupad ng ganitong diskarte sa pastoral, kung saan ganap na sinakatuparan, ay lumikha ng matinding kasiyahan sa mga simbahan dahil sa kanilang nasaksihan, hindi lamang sa pagpapanatili ng mga kasapi kundi ang nakakagalak na pagtaas ng bilang ng mga bagong naniniwala. Gayunman, ang ilang mga kongregasyon ay maari mapabayaang ang mga “mahirap na makontak” na miyembro, ‘paminsan-minsang’ mga miyembro at “linggo” miyembro, pinipiling magtuon sa mga kinokonsider nilang “tunay na may paninindigan” miyembro. Isa sa mga naging rason dito ay itinalaga nila ang isang tauhan “Na kulang ang kakayahan” na magsagawa ng trabahong makapagpaalala. Ito ay mga halimbawa ng mga posibleng maging problema; (i) kakulangan ng pagdidisipolo o pagtuturo sa mga miyembro upang maging aktibong tagasunod ni Kristo na makakaya "Gawin ang gawain ng ministryo" tulad ng bawat Efeso 4:12 o

(ii) isang kawalan ng tiwala ng mga pinuno sa kanyang miyembro na magsagawa ng mga ministryo sa takot na “mawalang ng control”. Ang sitwasyon ito ang nagsilbi hamon sa aming ministryo na tiyakin na ang mga lugar kung saan nagkaroon ng kapabayaan ay masolusyunan agad upang makita din dito ang paglago katulad ng ibang simbahan.

Ang isang karagdagan sa pagpapaunlad sa samahan nangangalaga sa espirituwal, na katulad ng pinaliwanag sa itaas ay ang naging tugon ng aming mga kapanampalataya na marami sa atin kababayan ang lubusan nag durusa sa panahon ng “Lockdown”. Bumuo kami ng isa pang paraan upang masigurado na ang pag ibig ni Hesus at mararamdaman ng ating pamayanan.

- Ang naging unang hakbang sa nag sisimulang pag laganap ng nasabing sakit ay sa pamamagitan ng pag bisita sa mga komunidad upang mahikayat silang mag linis ng kanilang mga tahanan na may antiseptiko sprays at likido, sa loob o labas man ng kanilang tahanan.
- Ang ikalawang hakbang ay ang sabihan sila kung maari silang ipanalangin na protektahan mula sa kinakaharap na krisis.
- Ang ikatlong hakbang, makalipas ang ilang lingo, ay muli nila itong bibisitahin upang hikayatin na maglinis ng kanilang mga tahanan at kamustahin ang kanilang kalusugan, hanap buhay, suplay ng pagkain atbp.
- Ang pang-apat na hakbang ay pag susuplay ng mga pangunahing pangangailangan sa kapus palad na pamilya at patuloy silang ipanalangin na huwag silang pabayaang panginoon.

Ang resulta sa gawain ito ng samahan ng mga nangangalaga sa espirituwal, ay sinugurado muna nila na walang miyembro ng simbahan ang mapag iiwanan at ang lahat ay napapangalagaan sa espirituwal at pisikal hanggang sa napalawak ng samahan na ito na ipaabot sa buong pamayanan ang kanilang ministryo. Isang kapana-panabik na magandang pagbabago ang konsepto ng samahan ng nangangalaga sa espirituwal kung saan mag sisilbing ilaw ang simbahan sa mga taong nadarapa na sa kadiliman, at lubusan natin mauunawan kung ano ang inihayag sa Juan 3:16, "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan!"

Sa nagdaang tatlong buwan, sa sinagawang pagkakabuklod sa panampalataya ay amin nasaksihan ang pag taas ng bilang ng mga tumutugon sa ebanghelyo at sa ngayon mahigit 40 katao ang nailigtas at nag pabautismo kada lingo. Ito ay naging

resulta sa sinagawang pagpapakilos sa kongregasyon upang “maging” kasapi sa samahan ng nangangalaga sa espirituwal, na lubusang may pagpapahalaga sa simbahan at sa mga taong nag hahanap ng kasagutang sa nararanasasan pag subok na ito.

Dr. Jeff Hammond

Jakarta, Indonesia